# ANG MGA PAGKAKATULAD AT PAGKAKAIBA SA PAGITAN NG ISLAM AT KRISTIYANISMO (BAHAGI 1 NG 2): MAGKATULAD NGUNIT MAGKAIBA.

**Marka:** TOP20

**Paglalarawan?:** Ang Islam at Kristiyanidad ay ipinalagay bilang dalawang monolitikong mga relihiyon. Ito ay isang pagpapaliwanag kung ano ang pinaniniwalaan ng Islam at Kristiyanismo tungkol sa mga Kapahayagan, mga Propeta at ng Trinidad.

**Ni:** Aisha Stacey (© 2017 IslamReligion.com)

**Nailathala noong:** 24 Aug 2020

**Huling binago noong:** 20 Jan 2020



Ayon sa Sentro ng Pananaliksik ng Pew ay Islam ang kasalukuyang pangalawang pinakamalaking relihiyon sa mundo kasunod ng Kristiyanismo. Kung ang mga demograpikong takbo ay magpapatuloy ang Islam ay inaasahan na maabutan ang Kristiyanismo bago matapos ang ika-21 siglo. Sa kalagayan ng mundo ngayon ay nagiging madaling isipin ang dalawang dambuhalang mga entidad na naghaharap laban sa isa't isa ngunit hindi lamang ganito ang nangyayari. Maraming mga pagkakatulad sa pagitan ng Islam at Kristiyanismo. Sa katunayan, madaling isipin na mayroong mas maraming pagkakatulad kaysa sa mga pagkakaiba.

Kapwa ang Islam at Kristiyanismo ay hinihikayat ang mga tagasunod nito na manamit at kumilos nang may kababaang-loob, at kapwa naniniwala na ang pagiging mapagkawanggawa at pagpapakita ng habag ay kanais-nais na mga katangian ng isang tao. Kapwa nito binibigyang diin ang pagdarasal at pakikipag-usap sa Diyos, kapwa inaanyayahan ang mga tao na maging mabait at mapagbigay, at kapwa nagpapayo na pakitunguhan ang iba sa paraang inaasahan mong ikaw ay pakikitunguhan. Ang dalawang relihiyon ay umaasa sa mga tagasunod nito na maging matapat, lumalayo sa mga malalaking kasalanan at humihingi ng kapatawaran. At ang dalawang relihiyon ay iginagalang at minamahal si Hesus at inaasahan siyang magbabalik sa mundo bilang bahagi ng mga salaysay tungkol sa huling araw.

Ang mga kasapi ng dalawang relihiyon ay maaaring paniwalain tayo na ang mga ito ay magkaibang-magkaiba ngunit ang kasaysayan ng mga ito ay nagsimula sa ganap na parehong lugar, sa Hardin na kasama sina Adan at Eba. Sa buhay ni Propeta Abraham na ang landas ng mga ito ay nagsimulang magkaiba at tila upang magdagdag diin sa parehong pinagmulan ng mga ito ang Islam at Kristiyanismo kasama ang Hudaismo ay kilalang magkakasama bilang mga Abrahamikong pananampalataya.

# Ang mga Propeta

Ayon sa Quran, si Abraham ay kilala bilang pinakamamahal na lingkod ng Diyos; dahil sa kanyang malalim na debosyon, ang Diyos ay ginawa ang marami sa kanyang mga inapo na mga Propeta sa kani-kanilang sariling mga mamamayan. Ang kasaysayan ng Propeta Abraham na siyang inutusang ialay ang kanyang anak ay kilala sa kapwa Kristiyanismo at Islam. Sa Islam, ang anak na yaon ay si Ismael[2] at sa pamamagitan ng kanyang kawin na ang Islam ay naitatag sa pamamagitan ng Propeta Muhammad, nawa'y ang awa at mga pagpapala ng Diyos ay sumakanya. Sa Kristiyanismo, ang anak sa salaysay na iaalay ay si Isaak[3]. Sa pamamagitan ng kawin ni Isaak ay nagmula ang maraming mga Propeta kabilang sina Hakob, Joseph, Moises, David, Solomon at Hesus.

Ang isa sa anim na mga haligi ng pananampalatayang Islam ay nangangailangan na ang isang Muslim ay maniwala sa *lahat* ng mga Propeta. Ang pagtanggi sa isa ay ang pagtanggi sa kanilang lahat. Ang mga Muslim ay naniniwala na ang Diyos ay nagpadala ng maraming Propeta, isa sa bawat bansa. Ang ilan na kilala natin sa pangalan at ang iba ay hindi. Ang Propeta Muhammad (pbuh) ay tanyag na kanyang sinabing ang lahat ng mga Propeta ay magkakapatid sa isa't isa.[4] Kung kaya matatagpuan mong ang lahat ng mga Propeta na binanggit sa Bibliya ay iginagalang at kinikilala ng Islam. Marami sa kanila ang binanggit sa pangalan sa Quran na may detalyadong mga kasaysayan ng buhay. Ang Islam ay itinuturing ang lahat ng Propeta nang may paggalang at tinatanggihan ang mga kasaysayan sa Bibliya na nanlilibak at naninira sa ilan sa mga Propeta.

Ang Kristiyanismo ay kinikilala na ang Propeta Muhammad (pbuh) ay umiral ngunit hindi napagkalooban ng Pagkapropeta. Sa buong Kristiyanong kasaysayan siya ay tinawag na isang sinungaling at isang baliw; may ilang mga tao pa ngang iniugnay siya sa diyablo. Sa kabilang dako, ang Islam ay itinuturing ang Propeta Muhammad (pbuh) na naging isang awa mula sa Diyos para sa sangkatauhan. Sa pagkakaalam ni Hesus ang mga Kristiyano at ang mga Muslim ay maraming magkakatulad na mga paniniwala. Parehong naniniwala na ang kanyang ina na si Maria ay isang birhen nang siya ay manganak sa kanya. Ang dalawang relihiyon ay naniniwala na si Hesus ay ang Mesiyas na ipinadala sa mga mamamayan ng Israel at kapwa naniniwala na siya ay nagpamalas ng mga himala. Ang Islam gayunpaman ay sinasabi na ang ganitong mga himala ay naipamalas sa pamamagitan ng kalooban at pahintulot ng Diyos. Ang Islam ay tinatawag ang Propeta Hesus na alipin at sugo ng Diyos at siya ay itinuturing sa dakilang paggalang bilang isang tao sa mahabang kawin ng mga Propeta at Sugo na lahat ay nag-aanyaya sa mga tao na sambahin ang Nag-iisang Diyos. Ang Islam ay ganap na tinatanggihan ang paniniwalang si Hesus ay Diyos o bahagi ng Trinidad.

# Ang Trinidad

Ang Trinidad ay ang diwa ng paniniwala ng Kristiyanismo na nagsasabing mayroong Nag-iisang Diyos na may tatlong mga persona, ang Ama, ang Anak at ang Banal na Espiritu. Ang Diyos ay may isang anak na tinawag na Hesus na Diyos din at sa

pamamagitan ni Hesus na ang isang tao ay mararating ang Ama. Ang Banal na Espiritu, na Diyos din, ay ang banal na lakas, ang misteryosong lakas na may kinalaman sa pananampalataya. Ang Trinidad minsan ay inilalarawan bilang mga pakpak ng isang kalapati o mga dila ng apoy. Itong isang kontrobersyal na doktrina na naganap bilang isang pagtatangka na mapagkaisa ang turo ng Bibliya at ang sinaunang simbahan ng Kristiyano. Ang mga pagtatalo tungkol sa kalikasan ni Hesus ang nag-akay sa emperador ng Roma na si Constantino na pagtipunin ang Konseho ng Nicaea noong CE 325. At ang doktrina ng Trinidad ang nagdulot ng pagkahati sa pagitan ng silangan at kanlurang mga simbahan. Maging sa kasalukuyan maraming tao ang hindi magawang maintindihan o maipaliwanag ang doktrinang kanilang ipinapahayag.

Ang paniniwala sa kanilang mga sarili na mga monoteistiko ay bagay na pangkaraniwan sa kapwa Islam at Kristiyanismo. Ang monoteismo ay isang salitang nagmula sa mga salitang Griyegong 'monos' na nangangahulugang *lamang* at 'theos' na nangangahulugang *Diyos*. Ito ay ginagamit upang tukuyin ang isang Kataas-taasang Umiiral na siyang makapangyarihan sa lahat, ang Tagapaglikha at Tagatustos ng sansinukob, ang Siyang may kinalaman sa buhay at kamatayan. Ang mga Muslim gayunpaman ay naniniwala na nagsasanay sila ng dalisay na monoteismo na hindi nabantuan ng mga konsepto tulad ng Trinidad. Ang diwa ng paniniwala ng Islam ay walang Diyos na karapat-dapat sambahin kundi ang Diyos; ito ay isang payak na konsepto kung saan ang pagsamba ay nakatuon sa Diyos na Nag-iisa.

## Ang mga Kapahayagan

Ang mga Muslim ay nakuha ang kanilang pag-unawa sa kalikasan ng Diyos mula sa Quran at ang mapananaligang tradisyon ng Propeta Muhammad (pbuh). Sa Quran ay ipinaliliwanag na ang lahat ng mga banal na aklat ng Kristiyanismo, ang Lumang Tipan, kabilang ang aklat ng Mga Awit, at ang Bagong Tipan na naglalaman ng mga Ebanghelyo ni Hesus ay ipinahayag ng Diyos. Samakatuwid, ang mga Muslim ay naniniwala sa Bibliya kapag ito ay hindi naiiba (orihinal na kopya) sa Quran. Ang mga Muslim ay naniniwala lamang kung ano ang pinatutunayan sa Quran at mga tradisyon ng Propeta Muhammad (pbuh) sapagkat ang Islam ay sinasabi na ang karamihan sa orihinal na teksto ng parehong Luma at Bagong mga testamento ay nawala na, binago, binaluktot o nakalimutan.

Ang mga Muslim ay naniniwala sa Quran na huling ipinahayag na teksto at ang ganap na mga salita ng Diyos na ibinaba sa Propeta Muhammad (pbuh) sa pamamagitan ng Anghel Gabriel. Ang Kristiyanismo gayunpaman ay naniniwala na ang Bibliya ay kinasihan ng Diyos at isinulat ng maraming iba't-ibang mga may-akda.

---

Mga talababa:

| | |
|---|---|
| [1] | http://www.pewresearch.org/fact-tank/2017/02/27/muslims-and-islam-key-findings-in-the-u-s-and-around-the-world/ |

[2] Quran 37:101 - 103

[3] Genesis 22

[4] *Saheeh Al-Bukhari*

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.islamreligion.com/tl/articles/11182/ang-mga-pagkakatulad-at-pagkakaiba-sa-pagitan-ng-islam-at-kristiyanismo-bahagi-1-ng-2

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2026 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.